JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhawahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

6

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan - Modyul 4

### Mga Karapatan ng Mamamayang Pilipino



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Araling Panlipunan – Ikaanim na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 4: Mga Karapatan ng Mamamayang Pilipino**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Weween R. Ruedas | |
| **Editor:** | Narciso A. Bureros | |
| **Tagalapat:** | Fritz C. Peñosa | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| | Lourma Poculan | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |
| | Petrush Macute | - Public Schools District Supervisor |
| | Loela R. Ben-Eli | -School Principal |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Mga Karapatan ng Mamamayang Pilipino



## *Alamin*

Sa pamamagitan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Napahahalagahan ang pagtatanggol at pagpapanatili sa karapatang pantao at demokratikong pamamahala

- Nasasabi ang mga karapatan at kalayaang tinatamasa ng mga mamamayang Pilipino ayon sa Saligang-Batas ng 1987
- Napapahalagahan ang mga karapatan at kalayaang tinatamas ng mga mamamayang Pilipino ayon sa Saligang-Batas ng 1987; at
- Nakakapagbigay ng mga halimbawang pangyayari na may kaugnayan sa bawat karapatang tinatamasa ng mga mamamayang Pilipino.



## *Balikan*

**Panuto:** Anong uri ng karapatan ang tinutukoy sa mga sumusunod ng pahayag? Piliin ang tamang sagot at isulat ito sa patlang.

A. Karapatang pulitikal
B. Karapatang sibil
C. Karapatang panlipunan
D. Karapatang pangkabuhayan

_____ 1. Magpahayag ng saloobin sa mga magulang.
_____ 2. Magtayo ng sariling negosyo.
_____ 3. Maglakbay sa anumang lugar sa Pilipinas
_____ 4. Pagtakbo bilang kandidato sa pambansang halalan.
_____ 5. Bumili ng sariling sasakyan mula sa perang pinag- ipunan.



# *Tuklasin*

Panuto: Masdang mabuti ang larawan. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba.



1. Ano kaya ang ipinahihiwatig ng larawan?

**Sagot:** ______________________________________________
______________________________________________ .

2. Bakit kaya mangyayari ito sa isang tao ?

**Sagot:** ______________________________________________
______________________________________________ .

3. Kailan ito maiiwasan?

**Sagot:** ______________________________________________
______________________________________________ .



# *Suriin*

**Ang Demokrasya at mga Karapatang Pantao**

Sa mga bansang demokratiko , may kapangyarihan ang mga tao. Malaya niloang napipili at napapalitan ang kanilang mga pinuno sa pamamagitan ng halalan. Napipigil nila ang pang – aabuso sa kapangyarihan at napipili ang higit na mahusay na mga pinuno. Lahat ng mga mamamayan ay may pantay – pantay na karapatan.

**Mga Karapatan ng Mamamamayang Pilipino**

Nakapaloob sa Katipunan ng mga Karapatan (Bill of Rights) ng Saligang Batas ang mga karapatan ng mamamayang Pilipino. Ang mga karapatang ito ay maaaring pangkatin sa tatlo: karapatang sibil, karapatang pampulitika, at karapatang panlipunan at pangkabuhayan.

**Karapatang Sibil**

Ang mga karapatang sibil ay bunga ng ugnayan ng mga mamamayan sa isa't isa. Tungkulin ng pamahalaan na pangalagaan ang mga karapatang ito upang mabuhay nang matiwasay ang mga mamamayan.Ilan ditto ang:

1. Karapatang mabuhay,maging Malaya, at maglkaroon ng mga ari-arian
2. Karapatan sa pantay na pagkalinga ng batas
3. Karapatan laban sa hindi makatuwirang paghalughog at pagdakip
4. Kalayaang pumili ng tirahan at maglakbay
5. Karapatang tumangging gumawa ng bagay na labag sa kaloooban
6. Karapatang makapag-aral

**Karapatang Pampulitika**

Ang mga karapatang pampulitika ay bunga ng ugnayan ng bansa at ng mamamayan. Naiuukol ito sa pakikilahok ng tao sa pamamalakad ng pamahalaan. Kabilang sa mga ito ang:

1. Kalayaang magtipon at magpahayag ng mga karaingan upang ang mga ito'y malunasan
2. Kalayaang magpahayag ng saloobin
3. Karapatang maghalal at mahalal na pinuno ng pamahalaan
4. Karapatang bumoto
5. Karapatan sa pagkamamamayan

**Karapatang Panlipunan at Pangkabuhayan**

Ang mga karapatang ito ay may kaugnayan sa lipunan at kabuhayan ng tao:

1. Karapatan sa madalian, walang kinikilingan, at hayagang paglutas ng mga usapin kalayaang sumamba ayon sa napiling relihiyon
2. Karapatang tumanggap ng wastong kabayaran para sa ari-ariang kinuha ng pamahalaan para sa gamit pambayan
3. Karapatang gumamit ng mga likas na yaman
4. Karapatang magkaroon ng pagkakataong lumahok sa gawaing magpapabuti ng kabuhayan
5. Karapatang magkaroon ng malinis at maayos na lugar na pagtatrabahuan

**Karapatang Mabuhay , Maging Malaya, at Magkaroon ng Ari-arian.**

Nakasaad sa Artikulo III, Seksiyon I ng Saligang Batas ng 1987 ang ganito:
" Hindi dapat alisan ng buhay ,Kalayaan o ari-arian ang sinumang tao nang hindi sa kaparaanan ng batas, ni pagkaitan ang sino mang tao ng pantay na pangangalaga ng batas.

May karapatang mabuhay ang lahat ng mga tao. Lahat ay may karapatang pangalagaan ng batas na walang kinikilingan

Walang sinumang makakikitil ng buhay ng iba. Kung may gagawa nito, nararapat lamang na siya'y parusahan ayon sa itinatakda ng batas.Wala ring makapagpapakulong sa sinuman hangga't hindi napatutunayang maysala ito.

Tungkol naman sa ari- arian, walang sinumang tao o pamahalaan ang dapat kumuha ng pribadong ari-arian ng sinuman nang walang bayad.

**Karapatan sa Hindi Makatuwirang Paghalughog at Pagdakip**

Maging maliit man o Malaki ang tahanan ng isang mamamayan , walang sinuman ang makapapasok ditto nang walang pahintulot ng may -ari. Walang sinumang makapaghahalughog dito nang walang search warrant.

Ang search warrant ay nagmumula sa hukuman. Katibayan ito na nagbibigay ng pahintulot sa mga alagad ng batas na halughugin ang isang tahanan o kapakanan ang isang taong pinaghihinalaan.Walang sinuman ang maaaring ang maaaring dakpin ng mga may kapangyarihan nang walang warrant of arrest, maliban kung siya'y tuwirang mahuli. Sakali mang dakpin, may karapatan ang isang taong makausap ang kaniyang kamag-anak ,kaibigan o abogado lalo na kung isinasailalim siya sa interogasyon ng mga dumakip.

**Karapatang Sumamba ayon sa Napiling Relihiyon.**

Malayang pumili ang bawat Pilipino ng kanyang relihiyon. Maaari din siyang magtayo ng relihiyon huwag lamang itong makapipinsala sa kaniyang kapwa.Walang dapat kilingang relihiyon ang pamahalaan. Hindo maaaring gamitin ang salapi ng bayan upang tustusan ang anumang relihiyon.

**Karapatang Magtatag ng Kapisanan.**

Ang sinumang tao, matanda man o bata, ay may karapatang bumuo ng samahan kung hindi ito makasakit sa iba o makasisira ng ari-arian.

**Kalayaang Magpahayag ng Saloobin**.

May Kalayaan ang lahat na magpahayag ng mga saloobin at kaisipan.Maaaring pumuna ang sinuman sa gawain ng pamahalaan lalo na kung ito'y may pinagbabatayan.Naipapahayag ang saloobin sa iabt't ibang paraan ng pagsulat sa pahayagan at radio o sa mga ahensiya o mga kinatawan ng pamahalaan. Maaari din itong gawin sa pamamagitan ng mga pagtitipon tulad ng mga pulong at simposyom o sama-samang pagkilos tulad ng welga, rali at demonstrasyon.

**Karapatang Magkaroon ng Madalian, Walang Kinikilingan, at Hayagang Paglilitis**.

Ang alitan ng dalawang tao o pangkat ng mga tao ay karaniwang tinatangkang lutasin ng isang tagapamagitan. Sa pagpapalitan ng mga saloobin, kuro-kuro at karaingan, nabubuo ang isang kasunduang ikasisiya ng magkabilang panig. Kapag masidhi ang alitan at hindi ito malutas sa mabuting usapan, karaniwang humahantong ito sa hukuman.Ang pamahalaan ang nagtatalaga ng abogadong magtatanggol sa nasasakdal kung ang huli ay walang kakayahang bayaran ang serbisyo ng isang abogado.

**Karapatang Bumoto**.

May karapatang lumahok sa halalan ang lahat ng mga mamamayan ng Pilipinas kung siya'y 18 taong gulang man lamang,nakapanirahan sa Pilipinas sa loob ng isang taon at nakapanirahan na sa loob ng anim na buwan sa purok kung saan siya boboto.

**Karapatang Makapag- aral**.

Itinakda ng Saligang Batas na tungkulin ng estado na magkaloob ng libreng edukasyong pang-elementarya at pangsekundarya.May pagsasanay ding bokasyunal na ipinagkaloob ang pamahalaan nang walang bayad sa kabataang hindi na pumapasok sa paaralan.Bahagi rin ng pananalaping ito ay inilaan sa mga scholarship grant na ipinagkaloob naman sa mahihirap subalit matatalino at karapat-dapat na mga mag-aaral.

**Karapatan sa Pantay na Proteksyon ng Batas.**

Ang mga karapatang isinasaad sa Saligang Batas ay lubhang mahalaga sa isang bansang naniniwala at sumusunod sa mga simulain ng Kalayaan at demokrasya.May karapatan ang lahat ng mamamayang Pilipino sa pantay na proteksyon ng batas.walang sinuman ang pinahiintulutang magsamantala sa kapwa. Ang layunin nito'y mapanatili ang kaayusan at kapaya[paan.

**Mga Karapatan ng mga Bata ayon sa UNESCO**

Ang UNESCO ay isang internasyunal na ahensyang nagtataguyod ng mga karapatang pambata. Ito ay ang sumusunod:

1. Karapatan sa Kalayaan sa anumang diskriminasyon
2. Karapatang makapag-aral
3. Karapatang maging ligtas
4. Karapatan sa pagiging isang mamamayan ng isang bansa
5. Karapatan sa mga serbisyong pangkalusugan
6. Karapatang pangalagaan, pakainin at palakihin nang tama ng mga magulang
7. Karapatang protektahan laban sa anumang uri ng pang-aabuso
8. Karapatan sa proteksyon laban sa narkotiko, droga o anumang bisyo
9. Karapatan sa maayos na buhay
10. Karapatan sap ag-iisip, budhi at relihiyon
11. Karapatan sa pagpapahayag at impormasyon
12. Karapatang mabigyan ng proteksyon sap ag-iisa



# *Pagyamanin*

**Panuto:** Gawin ang mga sumusunod:

**Ibigay ang lima sa karapatan ng mamamayang Pilipino**

1.
2.
3.
4.
5.

**Mga Kalayaan ng mamamayang Pilipino**

6.
7.

**Ilan sa mga karapatang sibil at pampulitika**

8.
9.

**Ilan sa mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkultura**

10.



# *Isaisip*

**Panuto:** Isulat sa patlang ang karapatang tinutukoy sa bawat pangungusap

_____________________________ 1. Ipinasya ni G. Pete Coronado na kumandidato sa pagka- alakalde ng Cebu sa darating na local na halalan.

___________________________ 2. Napasama ang bahagi ng lupa nna Akira at Khamar sa Brgy. Balimbing sa ginawang bagong daan . Binayaran sila ng pamahalaan sa halaga nito sa pamilihan.

___________________________ 3. Si Jun ay naakusahang nagnakaw . Dinakip siya sa bisa ng isang warrant of arrest.

___________________________ 4. Upang pansamantalang makalaya at maipagtanggol ang kaso ni Jun, naglagak siya ng piyansa.

___________________________ 5. Nagtatag ng isang samahan ang mga kawani ng Masikap Garments upang makahingi ng mga benepisyo sa pangasiwaan at may – ari ng pagawaan.



## *Gawain*

**Panuto:** Magsulat ng limang karapatan na natatamasa ng isang batang tulad mo.Paano mo pinahahalagahan ang mga karapatang ito?

1.______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2.______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3.______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

4. _____________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

5. _____________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________



## *Tayahin*

Masarap mabuhay sa isang bansang may demokrasya sapagkat maraming karapatang ipinagkakaloob sa mga mamamayan. Markahan ng / ang patlang kung ang tinutukoy ay isang karapatan at x kung hindi.

_____ 1. Iboto ang napiling kandidato.
_____ 2. Mag- alsa o lumaban sa pamahalaan
_____ 3. Mag- aral o tumuklas ng mga karunungan
_____ 4. Pumili ng relihiyon
_____ 5. Magpahayag ng mga niloloob
_____ 6. Pumili ng mga kaibigan
_____ 7. Bumili ng mga ari- arian tulad ng sariling bahay , kotse at lupa
_____ 8. Gawin ang lahat ng naibigan kahit makasakit ng kapwa
_____ 9. Maghalughog ng gamit ng kapwa kahit walang pahintulot
_____ 10. Kumandidato at lumahok sa halalan



# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sumulat ng sanaysay kung paano mo mapangangalagaan ang karapatan mo bilang isang tao at mabuting mamamayang Pilipino.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
____________________________________________________________.

**Rubrik sa Pagmamarka ng Pagsulat ng Sanaysay**

| | |
|---|---|
| Wasto at makabuluhan ang nilalaman | 2 |
| Sapat ang mga niibigay na detalye | 2 |
| Maayos ang daloy at organisasyon, wasto ang gramatika at mga bantas | 1 |
| **Kabuuang Puntos** | **5** |

## Susi sa Pagwawasto

| Balikan | Tuklasin | Pagyamanin |
|---|---|---|
| 1.b | 1. / | Depende sa sahot ng bata |
| 2.c | 2. X | |
| 3.b | 3. x | |
| 4.a | 4. x | |
| 5.b | 5. / | |

| Isaisip | Gawain |
|---|---|
| 1.Krapatang pampulitika | Depende sa sagot ng bata |
| 2.Karapatang panlipunan at pangkabuhayan | |
| 3.karapatang sibil | |
| 4.Karapatang Sibil | |
| 5.Karapatang panlipunan at pangkabuhayan | |

Tayahin

| | |
|---|---|
| 1./ | 6./ |
| 2./ | 7./ |
| 3./ | 8.x |
| 4./ | 9.x |
| 5./ | 10./ |

# SANGGUNIAN

Gina Sy-Luna (2009) Ang Bayan Kong Pilipinas 6 pp.222-227
Karapatang -ari 2009 ng DIWA SCHOLASTIC PRESS INC.
Pedro L. Narciso (2005) Pilipino sa Isip ,sa Salita, sa Gawa pp.166-173
Karapatang -ari 2005 ng DIWA SCHOLASTIC PRESS INC.
Legaspi Village , Makati City, PHilippines

**I am a Filipino**

*by: Brainard Joseph T. Pavon*

I

I am blessed to live in a peaceful place,
where beauty is In,where love can’t be erased,
I am proud of my blood; I am proud of my race;
I am a Filipino, clever to fix a maze.

II

I am born in a country of courage and integrity,
It is my honor to live with full dignity,
I will remain loyal to all.oh how I love my country.

III

Our heroes shed their blood  to serve our nation
They remain standing despite the condemnation.
Some fought silently; some fought with lamentation;
But none of them gave up to save their generation.

IV

I may not have a sword as sharp as others have,
But I have the heart that won’t get tired to love,
I may not have guns to fire bullets,
but I have God from up above.

V

I am A Filipino; I love the  Philippines,
I am ready to die for my country through the service of excellent
I will obey the laws and protect its essence
Oh God,pave the way, shower me with your presence.